

"to serve God is to reign"

Anong kasaysayan ng buhay ang hindi natin makakalimutan? Kaninong buhay ang ating palaging binabalik-balikan? Hindi ba't sinubaybayan mo ang buhay ng paborito mong artista? Hindi ba't atin pinag-aaralan ang naging buhay ng ating mga bayani? Mayroon ka bang paboritong santo o santa? Alam mo ba ang kanilang naging buhay dito sa lupa?

Batid mo ba ang buhay ng ating mahal na patron, San Antonino ng Florencia. Noon kapag tinawag na *nino* ang ibig sabihin ay maliit. At si San Antonino ay talagang maliit sa taas o tindig. Ang *Florencia* ay isang siyudad sa Italia, kilalang-kilala ngayon bilang *Florence* sa English o *Firenze* sa Italian. Samakatuwid ang maliit na Antonio ay taga Florence sa Italia.

Mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo, alam mo ba ang naging buhay ni San Antonino ng Florencia dito sa daigdig?

Sa gulang na labinglima naghangad siya na maging relihiyosong pari sa Order of Friars Preacher o sa ngayon ay kilalang kilala bilang Dominicans. Pumunta siya sa Convento nito sa Santa Maria Novella. Subalit sa pagkakita sa katayuan ni San Antonino na maliit at pag-aakala na hindi kakayanin ni San Antonino ang mahigpit nilang buhay, siya ay kanilang pina-uwi. At upang panghinaan ng loob ay sinabi nila kapag kanyang naisaulo ang buong *Decretum Gratiani* ay maari nilang siya ay tanggapin.

Mga kapatid, upang mabatid natin na napakahirap ang pinagagawa kay San Antonino, alamin natin ng kaunti kung ano ang *Decretum Gratiani*. Ito ay alintuntunin ng Simbahan noon taon 1150 na mayroon 3,800 batas. At isinulat sa wikang Latin.

Subalit pagkatapos ng isang taon si San Antonino sa mga Dominikano upang bigkasin ang buong *Decretum Gratiani*. Ito nga ay kanyang nagawa. Siya nga ay tinanggap. At si San Antonino ay naging pari.

Mga kapatid, ano pong mensahe ang ating tatandaan at babaunin mula sa buhay ni San Antonino? Tatlong bagay po.

**Una, don't give up.**  
**Ikalawa, go to God.**  
**Panghuli, do good always**

**Una.** Huwag sumuko sa buhay. Huwag bumitaw. Hindi madali, hindi magaan, at hindi rin maginhawa ang pinagdaanan ni San Antonino. Siya rin ay naghirap at nagpakasakit. Subalit hindi siya nawalan ng pag-asa. Hindi siya nag-alinlangan sa kanyang kakayahan. Si San Antonino ay nagtiyaga. Nagpatuloy sa inutos sa kanya. Hindi siya sumuko.

Dito natin masasalamang ang matibay na pananampalataya ni San Antonino sa Diyos. Nagtiwala siya sa Diyos. Ang pananalig niya sa Diyos ay matatag. Hindi siya lumayo sa Diyos.

Mga kapatid, hindi kaagad natin maabot ang ating mga minimithi. Hindi kaagad-agad natin maabot ang ating mga pangarap. Mayroon din mga sagabal. Mayroon din mga hadlang. Minsan tayo rin ay susubukin. At mayroon pang mga tao na hindi maniniwala sa atin o kaya hindi tayo tatanggapin. Datapuwa't huwag tayong magtampo. Huwag tayong magmukmok sa isang sulok. Sabihin natin sa ating mga sarili "***hinding-hindi ako susuko.***"

**Ikalawa.** Sa ganitong kalagayan, mga kapatid ko, ang nararapat natin gawin ay lumapit sa Diyos. Sa Diyos tayo kumapit. Siya ang ating puntahan, lapitan at kausapin sa panalangin.

Kung tayo ay higit na nagigipit, kung tayo ay higit na nahihirapan, ang Panginoong Diyos ang una natin unahin. Siya ang ating tanging kasagutan at kaginhawaan sa buhay. Hindi po sa alak, hindi po sa sugal. At hindi rin po sa *drugs*. Ang lahat ng mga ito ay walang maidudulot na kabutihan sa atin, puros kapahamakan at kapighatian lamang.

Balikan natin ang Diyos. Sa Kanya tayo magsabi ng ating mga nararamdaman sa buhay. Sa Diyos tayo magtiwala. Siya lamang ay ang ating kaligtasan. Siya lamang ang ating kagalingan sa buhay. Mangyari pa, sa Diyos tayo tumawag. Sa Kanya tayo makinig at manalig. At ang ating Panginoong Diyos ay hindi magpapabaya. Ang Diyos natin ay hindi mag-iiwan. Tayo ay tiyak Niyang tutulungan. Tayo ay Kanyang palaging dadamayan at lubos na ililigtas.

**Panghuli.** Kahit na si San Antonino ay tinanggihan sa unang pagkakataon na makapasok bilang isang relihiyosong Dominicano, siya ay hindi nagdamdam. Hindi sumama ang kanyang kalooban. Si San Antonino ay hindi nagtanim ng galit. Bagkus higit pa siyang nagpakabuti. Pinagbutihan niya ang lahat. At nang siya ay bumalik sa Convento ng Santa Maria Novella ganoon na lamang ang pagkamangha ng mga paring Dominicano sa pagsasaulo at pagka-unawa ni San Antonino sa *Decretum Gratianum*. Mangyari pa siya nga ay tinanggap at sa bandang hull ay naordenang pari.

Mga kapatid, ito ang aral sa atin ng ating mahal na patron gumawa tayo palagi ng mabuti. Gawin natin palagi ay ang kabutihan. Mayroon tayong likas na kabutihan. At ito parati natin ipakita at ibigay sa atin kapwa.

Bilang Arsobispo ng Florencia palagi niyang ipinahahayag at isinasabuhay na tungkulin ng bawa't isa ang mamagitan at mangasiwa tungo sa kabutihan ng mga mahihirap at ng mga nangangailangan. Dahil dito siya ay kinilala at tinawag na "*kaibigan at taga pag-alaga ng mga naghihikahos.*"

Isa niyang pansariling panalangin na humiling sa Diyos na pagkalooban siya ng biyaya upang mapaglaban ang mga tukso at makatupad sa kalooban Niya upang makagawa ng mabuti sa lahat ng pagkakataon, sa lahat ng tao. Naranasan ng kanyang mga kawan ang kabutihan at paggawa ng mabuti ni San Antonino nang ang Florencia ay nakaranas ng matinding salot noong 1448 at malupit na lindol noong 1453.

Sa banig ng karamdaman at sa kanyang huling hininga kanyang binigkas ang kanyang panuntunan sa buhay "**to serve God is to reign**" ang paglilingkod sa Diyos ay pamamahala.

Mga kapatid tayo ay iniwanan ng ating mahal na patron, San Antonino, ng halimbawa na kanyang ginawa: *Don't give up. Go to God. Always do good and be good!* At ito rin ngayon ang ating dadalhin at gagawin:

Huwag sumuko sa hamon ng buhay.

Lumapit parati sa Diyos.

At gumawa palagi ng mabuti.

+ Ruperto Cruz Santos, DD  
Bishop of Balanga and CBCP permanent council member